# 4

# EKONOMYANG PAMPULITIKA

## Pambungad

Ang ekonomyang pampulitika ay bahagi, sa katunaya'y susing bahagi, ng materyalismong istoriko. Ito ang siyensya ng pag-aaral sa mga batas ng paggalaw ng ekonomya o kabuhayan ng lipunan.

Bilang hiwalay na larangan ng pag-aaral, ang ekonomyang pampulitika ay nagsimulang magkahugis noong ika-17 siglo. Pero nagsimulang magkaroon ng moderno at siyentipikong anyo ang ekonomyang pampulitika noon lamang ika-18 siglo. Sa kabila ng malalaking pagsulong, ang ekonomyang pampulitika noon ay nalimitahan ng pagsamba sa pribadong pagmamay-ari at sistemang kapitalista. Kaya di rin lubos na maipaliwanag ng gayong ekonomyang pampulitika ang mga batas ng ekonomyang kapitalista, gayundin ang iba pang sistema ng ekonomya.

Si Karl Marx ang nagtransporma sa ekonomyang pampulitika; ginawa niya itong isang lubos na siyentipikong larangan ng pag-aaral. Komprehensibo't siyentipikong siniyasat ni Marx ang pasikut-sikot ng mga relasyon sa produksyon at ng palitan ng mga produkto sa

sistemang kapitalista at pati na rin sa mga naunang sistema ng ekonomya. Sa pamamagitan nito, nadiskubre niya ang mga sikreto ng pagsibol, pag-unlad at di maiiwasang pagbagsak ng kapitalismo. At base sa mga nadiskubre niyang ito, ang rebolusyong sosyalista ay nailagay sa matibay at siyentipikong pundasyon, naging siyentipikong sosyalismo.

Dapat unawain ng mga Komunistang Pilipino ang mga teorya ng Marxistang ekonomyang pampulitika. Ang mga teoryang ito ay kinakailangang patnubay sa wastong pag-unawa at pag-aaral sa ekonomya ng lipunan, sa mga uri at tunggalian ng mga uri. Nililinaw ng mga ito kung paano susuriin ang kabuuang balangkas at mga relasyon ng mga uri sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan at nakaraan. Kaya nililinaw ng mga ito ang mga materyales na batayan ng mga rebolusyonaryong adhikain at pakikibaka ng uring manggagawa't magsasaka sa kasalukuyan, at ang mga materyales na batayan ng sosyalistang hinaharap ng rebolusyong Pilipino.

Ang paksa ay nahahati sa sumusunod na 5 bahagi:

1) Paksang aralin ng ekonomyang pampulitika;
2) Pagsasamantalang kapitalista;
3) Krisis ng kapitalismo at ang sosyalismo;
4) Pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa mga magsasaka at manggagawang bukid; at
5) Rebolusyong agraryo at sosyalistang transpormasyon ng kanayunan.

## A. Paksang Aralin ng Ekonomyang Pampulitika

### 1. Ano ang paksang aralin ng ekonomyang pampulitika?

Ang sentral na aralin ng ekonomyang pampulitika ay ang relasyon ng mga uri sa produksyon at palitan—ang relasyon ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan sa buhay pang-ekonomya ng lipunan. Sinusuri ng ekonomyang pampulitika kung paano lumilitaw ang mga partikular na relasyong mapagsamantala sa pagitan ng mga partikular

na uri, kung paanong ang mga relasyong iyon ay nagaganap at nagtatakda sa takbo ng produksyon at palitan, at, sa kahuli-hulihan, kung paanong ang mga iyon ay naglalaho at nawawakasan, bunga ng pagsulong ng produksyon at pakikibaka ng mga uring pinagsasamantalahan.

Ang pag-aaral ng ekonomyang pampulitika ay nagsisimula sa mga produkto, at kung paanong ang mga iyon ay nililikha at ipinagpapalit sa isa't isa sa lipunan. Pero ang tunay na pinag-aaralan at pinapansin sa gayong pag-aaral ay ang mga relasyon ng mga tao at mga uri sa produksyon at palitan. Pinag-aaralan, halimbawa, ang mga kagamitan at mga paraan sa pagsasaka, at kung paanong ang mga produkto ng kanayunan ay ipinagpapalit sa mga produkto ng kalunsuran; pero ang layunin ay ilantad ang ugnayan ng mga panginoong maylupa, magsasaka, kapitalista at manggagawa, ugnayang nakatago sa likod ng paglikha at palitan ng mga produkto.

## 2. Ano ang pagsasamantala?

Ang pagsasamantala ay ang paggamit sa paggawa ng iba nang walang kapalit. Ito ang saligang katangian ng pagsasamantala na matatagpuan sa lahat ng sistema ng ekonomya na nahahati sa mga uri. Sa pagtatrabaho ng isang tao sa isang panahon, lumilikha siya ng produkto na ang bahagi ay kailangan sa kanyang sustento at ang ibang bahagi ay sobra dito. Ang pagsasamantala ay ang pagpapatrabaho nang lampas sa tagal na kailangan para likhain ang pansustento sa mga nagtatrabaho, at ang pag-angkin ng nagpapatrabaho sa sobrang produkto ng nagtatrabaho. Madalas, ang tindi ng pagsasamantala ay umaabot pa sa antas na hindi lang ang sobrang produkto ang inaangkin ng mga nagsasamantala kundi pati ang bahagi ng produktong kailangan para sustentuhan ang mga nagtatrabaho.

Lumilitaw ang pagsasamantala saan man ang isang bahagi ng lipunan ay may monopolyo sa pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon, at kung gayon, saan man may pribadong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon—dahil ang natural na tendensya ng pribadong pagmamay-ari ay tumungo sa konsentrasyon ng ari-arian sa kamay ng iilan. Dahil sa monopolyong ito, ang maraming

walang sariling kagamitan sa produksyon o hindi sapat ang sariling kagamitan sa produksyon para mabuhay, ay pwersadong magtrabaho para sa iba ayon sa mga mapagsamantalang kundisyon na idinidikta ng mga may-ari ng propriyedad.

### 3. Bakit isang siyensyang istoriko ang ekonomyang pampulitika?

Ang ekonomyang pampulitika ay isang siyensyang istoriko. Magkakaiba ang katangian ng produksyon at mga relasyon ng mga uri sa iba't ibang sistema ng ekonomya at sa iba't ibang yugto ng kasaysayan. Kung gayon, magkakaiba ang mga batas ng ekonomyang pampulitika sa iba't ibang lugar at panahon. Patuloy na nagbabago ang mga usapin at kalagayang kaharap ng ekonomyang pampulitika. Kailangan ang kongkretong pagsusuri sa mga kongkretong kundisyon.

Ang bawat nakaraang sistema ng ekonomya ay may kanya-kanyang tipo o anyo ng pagsasamantala base sa mga partikular na katangian ng mga kagamitan sa produksyon at mga relasyon sa produksyon ng bawat isa. Ang katangian ng produksyon at mga kagamitan sa produksyon sa sistemang kapitalista ay iba sa sistemang pyudal; magkaiba ang katangian ng monopolyo ng burgesya at panginoong pyudal sa mga kagamitan sa produksyon, at magkaiba ang tipo o anyo ng pagsasamantala nila. Para wakasan ang isang partikular na tipo o anyo ng pagsasamantala, kailangang wakasan ang pinagsisibulan nitong partikular na tipo o anyo ng pagmomonopolisa sa mga kagamitan sa produksyon.

Ang ekonomyang sosyalista ay ganap na naiiba sa mga nakaraang sistema ng ekonomya dahil hindi na ito nakabatay sa mga relasyon ng pagsasamantala. Saligan ang pagkakaiba ng mga batas ng pag-unlad na ito na kailangang masapol para maisulong ang rebolusyon at konstruksyong sosyalista.

## B. Pagsasamantalang Kapitalista sa Uring Manggagawa.

**1. Ano ang mga kalagayang pinagsibulan ng kapitalistang pagsasamantala?**

Sumusunod ang mga esensyal na kalagayan para sa pagsibol ng mga relasyon at pagsasamantalang kapitalista:

**a) Namamayani ang maunlad na produksyon ng kalakal.**

Namamayani ang produksyon para sa pamilihan, di na tulad ng dati na para sa sariling gamit ng mga nagtatrabaho at ng maliit na komunidad na kinabibilangan nila. Dagdag pa, maramihang ginagawa ang mga kalakal sa pamamagitan ng sama-samang paggawa at makabagong pamamaraan at kasangkapan. Pinag-uugnay ng palitan at pamilihan ang magkakalayong bahagi ng isang bayan at maging ang iba't ibang bayan.

**b) Ipon ang malaking puhunan sa kamay ng ilang indibidwal (mga kapitalista).**

May sapat na salapi ang kapitalista para mamuhunan sa mga makinarya at iba pang kasangkapan, hilaw na materyales at lakas-paggawa. Ang kapitalista ay hindi lumalahok sa produksyon kundi umaaktong tagabili at tagagamit ng lakas paggawa ng iba at tagabenta ng produkto ng paggawa ng iba. Ang numero unong gawain ng kapitalista ay ang pagtiyak sa tuluy-tuloy at pinakamabilis na pagpapalaki ng puhunan.

**k) Walang ikinabubuhay ang malaking bilang ng mamamayan kundi ang pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa.**

Kailangang may sapat na lakas ng bisig na magpapaandar ng mga makina. Sa kasaysayan natupad ang kundisyong ito sa pamamagitan ng malawakang pagpapatalsik ng mga magsasaka sa kanilang sakahin at paglikha ng masang proletaryo na ganap na walang inaaring kagamitan sa produksyon. Hindi aandar ang mga pabrikang kapitalista kung walang malaking bilang ng mga taong lubos na umaasa sa pagbebenta ng lakas-paggawa para mabuhay.

May dalawang dulo ang lipunang kapitalista. Sa isang dulo ay nariyan ang kapitalistang nag-aari ng mga makabagong kagamitan sa produksyon at bumibili ng lakas paggawa ng iba para sa paglikha ng mga produktong ibebenta. Sa kabilang dulo naman ay nariyan ang mga manggagawa na kailangang patuloy na magbili ng lakas paggawa para mabuhay.

Ang kapitalistang produksyon sa Pilipinas ay matatagpuan sa industriya at sa malawak na korporasyong sakahan ng mga pananim na komersyal. Ang mga pangunahing industriya ay nakakonsentra sa kalunsuran at pag-aari ng malaking burgesyang komprador at mga dayuhang monopolyong kapitalista. Mayroon ding mas maliliit na empresang kapitalista ng mga pambansa o panggitnang burges. Ang mga kapitalistang sakahan naman ay inaari ng mga bagong tipong panginoong maylupa at ng kasosyo nilang malaking burgesyang komprador at dayuhang monopolyong kapitalista.

Bukod sa mga manggagawa, may malaking reserba ng hukbo sa paggawa na binubuo ng mga taong wala o kulang ng empleyo sa kalunsuran at kanayunan. Kabilang dito ang masa ng maralita at nakabababang panggitnang magsasaka, arawang manggagawang bukid at mala-manggagawa sa nayon at syudad.

## 2. Ano ang kalakal? Ano ang halaga ng isang kalakal?

Ang kalakal ay bagay na:

a) produkto ng paggawa ng tao,

b) tumutugon sa partikular na pangangailangan ng tao, at

k) nililikha para ibenta o ipagpalit sa ibang bagay.

Sa ekonomyang kapitalista, ang mga produkto ay kalakal, ang kayamanan ng lipunang kapitalista ay napakalaking tipon ng mga kalakal.

Kaya ang pag-aaral sa ekonomyang pampulitika ng kapitalismo ay nagsisimula sa pag-aaral sa katangian ng kalakal.

Hindi kahit anong bagay na may gamit sa tao o produkto ng paggawa ay maituturing na kalakal. Ang hangin ay mahalaga sa tao pero sa natural na pag-iral niyon ay di pwedeng ibenta o ipagpalit sa ibang bagay; kaya hindi iyon kalakal. Ang palay na ani ng magsasaka at kinain niya't ng kanyang pamilya ay hindi rin kalakal; nagiging kalakal lang ang palay kapag ibinebenta o ipinagpapalit sa ibang produkto.

May dalawang klase ng halaga ng kalakal—ang halaga sa gamit nito at ang halaga nito sa palitan. Ang halaga sa gamit ng kalakal ay halaga nito sa pagtugon sa partikular na pangangailangan ng tao. Ang halaga sa palitan ng kalakal ay ang katumbas nito kapag ipinagpapalit sa ibang produkto.

Kapag pinag-uusapan sa ekonomyang pampulitika ang halaga ng kalakal, ang tinutukoy ay hindi ang gamit nito, kundi ang halaga nito sa palitan. Labas sa pag-aaral ng ekonomyang pampulitika ang usapin sa gamit ng kalakal. Di na sinusuri, halimbawa, ang iba't ibang gamit para sa iba't ibang tao ng isang kalakal, gaya halimbawa kung ang mais ay gagamitin bilang patuka, pagkain ng tao o bahagi kaya ng isang palamuti. Ang sinusuri ay ang halaga ng kalakal sa palitan, dahil iyon ang basihan ng mga kapitalista para pumasok sa produksyon ng isang kalakal. Iyon din ang nagtatakda sa takbo ng palitan ng mga produkto, at iyon din ang pinaghahatian sa distribusyon ng mga produkto ng lipunan. Kaya ang halaga sa palitan ang nasasangkot sa pag-aaral sa produksyon at sa mga relasyon ng mga tao sa ekonomya.

Hindi likas sa isang bagay ang halaga nito. Lipunan ang nagtatakda nito at ang halaga ng kalakal ay sa palitan napapatunayan. Nagkakaroon lamang ng halaga ang isang bagay kung ginagamitan ng paggawa ng tao upang maging kapaki-pakinabang at maipagpalit sa ibang kalakal. Halimbawa, napakahalaga ng hangin ngunit habang nasa likas na katayuan nito, hindi ito maaaring ipagpalit sa ibang kalakal. Subalit kung gagamitan na ng paggawa ng tao, upang halimbawa, maihiwalay ang oksiheno at maiimbak sa tangke nagkakaroon na ito ng halaga, pwede nang ipagbili.

Ang halaga ng kalakal ay ang halaga nito sa palitan, ang katumbas na dami nito kapag ipinagpapalit sa ibang kalakal. Kaya kapag ang dalawang salop ng bigas ay ipinagpapalit sa isang sando, ang halaga ng dalawang salop na bigas ay isang sando, at ang halaga ng isang sando ay dalawang salop na bigas. Ang kalakal ay isang bagay na tumutugon sa isang pangangailangan ng isang tao at kaalinsabay nito'y maaring ipagpalit sa ibang bagay.

### 3. Paano sinusukat ang halaga ng isang kalakal?

Ang laki ng halaga ng isang kalakal ay nakabatay sa kantidad o dami ng paggawa ng laman nito.

Sa pamilihan, ang isang kalakal ay pwedeng ipagpalit sa iba't ibang kalakal, ayon sa magkakaibang tumbas ng paggawang laman ng bawat isa. Ibig sabihin, pinaghahambing-hambing ang iba't ibang kalakal base sa iisang sangkap na komon sa kanila. At ang sangkap na iyon ay ang paggawa ng tao. Kaya ang kalakal na ginamitan ng mas malaking kantidad ng paggawa ay mas mataas ang halaga, at ang kalakal na ginamitan ng mas maliit na kantidad ng paggawa ay mas maliit din ang halaga.

Ang sukatan naman ng paggawa ay ang tagal ng pagtatrabaho. Mas matagal ang pagyari sa produkto, mas maraming paggawa ang laman nito, at mas mataas ang halaga nito. Gayunman, may iba't ibang katangian ang paggawa. May simple at may kumplikado. Ang kumplikadong paggawa ay pwedeng isalin sa katumbas na dami ng simpleng paggawa. Kaya kung ang paggawang kailangan para sa isang kalakal ay mas kumplikado nang dalawang ulit sa paggawang kailangan para sa isa pang kalakal, kahit pareho ang tagal ng pagyari sa mga ito, doble ang halaga ng una sa halaga ng ikalawa.

Samantalang sinusukat ang halaga batay sa tagal ng paglikha sa isang kalakal, hindi ang indibidwal na kapitalista o manggagawa ang nagpapasya sa aktwal na halaga ng kalakal. Itinatakda ng lipunan ang halaga ng kalakal sa pamamagitan ng pamilihan. Sinusukat ito batay sa karaniwang oras ng paggawa na kailangan sa paglikha ng isang kalakal, ayon sa kabuuang antas ng kasanayan ng mga manggagawa at antas ng kakayahan ng teknolohiya.

Sa pamamagitan ng pamilihan napatutunayan at naipipirmi ang halaga ng kalakal. Di pwedeng magtamad-tamaran ang isang tagayari para dayain ang pagpapatagal ng paggawang iniukol niya sa isang produkto at palakihin ang kanyang kita. May kakumpetensya siya na gumagawa at nagbebenta ng gayon ding produkto. Kung mas mabilis silang magtrabaho, mas marami silang mayayari sa loob ng parehong oras, maibebenta nila iyon nang mas mura, at sa kanila pupunta ang mga mamimili.

Kung halimbawa'y tatlong oras ang karaniwang kailangan para tahiin ang isang palda, at anim na oras ang ginugol ng mananahi para dito, ang halagang itinatakda ng pamilihan para sa paldang tinahi niya nang anim na oras ay katumbas ng tatlong oras lang ng paggawa.

Ang karaniwang oras ng paggawa na kailangan para likhain ang isang kalakal ay nakabatay sa naabot na antas at kalagayan ng produksyon sa isang takdang panahon. Halimbawa, kung nakaimbento ng mas maunlad na makinarya o paraan sa produksyon ng asin, at bunga nito'y nadoble ang nalilikha sa isang oras, bababa sa kalahati ang halaga ng asin sa palitan, kapag lumaganap na't naging karaniwan sa buong lipunan ang naturang makinarya o paraan ng produksyon.

Itinutulak nito ang bawat kapitalista na makipag-unahan sa ibang kapitalista sa paggamit ng mas abanteng teknolohiya at paraan sa produksyon. Kapag ang oras ng paggawa ng produkto sa isang pagawaan ay mas maiksi kaysa karaniwang oras ng paggawa na umiiral sa lipunan, may katumbas na paglaki ang halaga na makukuhang kapalit ng produkto ng paggawa sa naturang pagawaan. May dagdag na kita ang kapitalistang may-ari ng pagawaang mas abante at may bawas naman sa kita ng mga kapitalistang mas nahuhuli.

Ang ganitong katangian ng halaga, na itinatakda batay sa karaniwang kalagayan sa buong lipunan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng aktwal na kalagayan ng mga indibidwal na empresang kapitalista, ang ugat ng walang-habag na kompetisyong namamayani sa lipunang kapitalista.

Ang kabuuang halaga ng isang kalakal ay ang kabuuang bilang ng karaniwang oras ng paggawa na kailangan para likhain ito mula sa simula hanggang sa mayari. Kung kukwentahin, kailangang sumahin ang:

$H_1$ ✍ karaniwang oras ng paggawa na huling inilakip sa produkto

$H_2$ ✍ karaniwang oras ng paggawa na ginamit sa paglikha ng hilaw na materyales

+ $H_3$ ✍ bahagi ng karaniwang oras ng paggawa na nakaimbak sa mga makinarya, kasangkapan at gusali, na nagastos sa paglikha ng produkto

---

$H_K$ ✍ kabuuang halaga ng kalakal o kabuuang karaniwang oras ng paggawang kailangan sa paglikha ng produkto

**4. Ano ang presyo ng kalakal?**

Ang presyo ng kalakal ay ang halaga nito sa salapi. Ang paggamit ng salapi sa pagsukat ng halaga at sa palitan ng mga kalakal ay palatandaan na ang pagpapalitan ng kalakal ay isa nang laganap at karaniwang aktibidad sa lipunan.

Sa kabuuan, ang presyo ng kalakal ay nakabatay at umiinog sa tunay na halaga nito. Ngunit kadalasan, mas mababa o mas mataas ang presyo kaysa halaga bunga ng galaw ng pamilihan at ng pagmamanipula ng mga monopolista sa pamilihan.

Sa pamilihan, kung ang pangangailangan para sa isang kalakal ay mas malaki sa suplay niyon, ang tendensya ng presyo ay maging mas mataas kaysa tunay na halaga. At kung ang pangangailangan naman ay mas mababa sa suplay, ang tendensya ng presyo ay maging mas mababa kaysa tunay na halaga.

Sa malao't madali, nakaaangkop ang produksyon sa pagkukulang o pagsobra ng suplay sa pamilihan. Kaya kung oobserbahan sa matagal na panahon ang takbo ng presyo, ang pansamantalang pagtaas ay nababawi ng pansamantalang pagbaba. Ang suma ay ang pagtatagpo

ng presyo at tunay na halaga. At kahit umiiba ang presyo, ito'y umiinog pa rin sa tunay na halaga.

Kapag mayroon namang monopolyo sa produksyon, pagbebenta o pamimili ng isang kalakal, hindi umiiral ang malayang kompetisyon at ang malayang pag-inog ng kapital at hindi normal ang takbo ng pamilihan. Pwedeng artipisyal na mapalaki o mapaliit ng mga monopolista ang suplay at pangangailangan ng pamilihan. Sa gayon, napatataas o napabababa nila ang presyo ng kalakal ayon sa pinakamalaking ganansyang makukuha nila.

Malaki ang impluwensya sa presyo ng pagbubuwis at iba pang patakaran ng gobyerno. Pwedeng ang pagbabago sa presyo bunga ng mga ito ay magresulta ng paglihis sa tunay na halaga, halimbawa ang pagbubuwis o patakarang pumapabor sa isang industriya o produkto at nagpapabigat naman sa iba. Pwede ring ang pagbabago sa presyo ay hindi magbunga ng paglihis sa tunay na halaga, halimbawa kapag pangkalahatan at magkakatimbang ang resultang pagbabago sa presyo.

### 5. Ano ang sahod?

Ang sahod ay ang presyo ng lakas-paggawa ng mga manggagawa. Ang lakas-paggawa naman ay ang kakayahang magtrabaho sa loob ng isang panahon. Ang karaniwang tagal ng isang araw ng pagtatrabaho sa ngayon ay itinatakda ng batas sa walong oras. Kaya ang isang araw na sahod ay kapalit ng kakayahang magtrabaho sa loob ng walong oras.

Sa sistemang kapitalista, ang lakas-paggawa ng mga manggagawa ay ibinebenta at binibili bilang kalakal. Tulad ng ibang kalakal, may presyo iyon na tinatawag na sahod. Sa unang tingin, ang paggawa mismo ang binibili ng mga kapitalista sa pamamagitan ng sahod. Pero ang totoo'y ang lakas-paggawa ang binibili ng sahod.

Tulad ng ibang kalakal, ang halaga ng lakas-paggawa ay itinatakda ng dami ng paggawa na kailangan para malikha iyon. Ibig sabihin, ang sahod ng manggagawa ay nakabatay sa kantidad ng paggawa na kailangan para malikha ang kakayahang magtrabaho ng manggagawa. Pinakasaligan sa mga pangangailangang dapat tugunan

ay ang mga pangangailangan para mabuhay ang manggagawa at pamilya niya at magkaroon siya ng sapat na lakas para magtrabaho. Bukod dito, at depende sa pangkalahatang kalagayan ng produksyon at lipunan, kabilang sa halaga ng lakas-paggawa ang pagtugon sa mga pangangailangan para sa pagsasanay at edukasyon ng manggagawa, at para matamasa niya at ng pamilya niya ang itinuturing ng lipunan na disenteng pamantayan ng pamumuhay. Ang mga naturang pangangailangan ang mga rekisito sa paglikha ng lakas-paggawa at mga batayan ng sahod.

Sa iba't ibang klase ng trabaho, iba-iba ang laki ng mga pangangailangan para malikha ang kakayahang magtrabaho. Ito'y bunga ng pagkakaiba sa kalidad ng kakayahang hinihingi ng iba't ibang klase ng trabaho. Kaya iba-iba rin ang sahod sa mga iyon.

Ang karaniwang sahod o ang sahod na ibinabayad sa lakas-paggawa ng karaniwang manggagawa ay ang minimum na sahod. Sa Pilipinas, ito'y ibinabatay sa pinakaminimong mga pangangailangan para lang patuloy na makapagtrabaho ang manggagawa at mabuhay siya at ang kanyang pamilya ng isang kahig, isang tuka. Hindi saklaw ang lahat ng kanyang saligang pangangailangan, huwag nang pag-usapan pa ang mga pangangailangan para sa disenteng pamumuhay.

Dahil sa lubhang atrasado ang ekonomyang malapyudal ng Pilipinas, sobra-sobra ang suplay ng lakas-paggawa sa pangangailangan ng industriya, agrikultura at mga serbisyo. Kaya nagagawa ng mga kapitalista na pababain nang husto ang sahod at ipako iyon doon.

### 6. Ano ang labis na halaga?

Ang labis na halaga ay ang partikular na tipo ng labis na produktong hinuhuthot ng kapitalista sa manggagawa.

Dahil binibili ng kapitalista ang lakas-paggawa ng manggagawa, may karapatan ang kapitalista, tulad ng ibang nakabili ng kalakal, na gamitin iyon. Kaya may karapatan ang kapitalista na pagtrabahuhin para sa kanya ang manggagawa, gamitin ang lakas-paggawa ng manggagawa sa loob ng panahong saklaw ng kontrata sa sahuran.

Pero sa pagtatrabaho ng manggagawa sa isang araw, halimbawa, lumilikha siya ng halaga na mas malaki kaysa halaga ng kanyang

lakas-paggawa, mas malaki kaysa isang araw na sahod niya. Ibig sabihin, bahagi ng buong araw na paggawa ng manggagawa ay kinakailangang oras ng paggawa para likhain ang halaga ng lakas-paggawa, at bahagi nito ay sobrang oras ng paggawa na lumilikha ng labis na halagang inaangkin ng kapitalista.

Kaya sa kalakal na nililikha ng manggagawa, isang bahagi ng paggawa na inilakip dito ay may bayad at ang isang bahagi ay wala. Ang paggawang ito, na walang bayad, ay ang labis na halaga. Ito ang esensya ng pagsasamantalang kapitalista.

Para malaman ang laki ng labis na halaga:

1) Kunin ang kabuuang halaga (KH) ng produkto sa isang panahon (isang araw, isang buwan o isang taon).

2) Awasin dito ang bahagi ng halaga ng puhunan ($HP_1$) sa makinarya, mga kasangkapan at gusali na nagastos sa paglikha ng produkto. Ang halaga ng puhunan sa makinarya, mga kasangkapan at gusali ay baha-bahaging ipinapasa sa halaga ng mga produktong nayayari sa buong buhay ng mga kagamitang ito.

   $$KH - HP_1$$

3) Awasin sa matitira sa Blg. 2 ang halaga ng puhunan ($HP_2$) sa hilaw na materyales. Ang halaga ng hilaw na materyales ay karaniwang buu-buong naipapasa sa halaga ng yaring produkto. Ang matitira sa pag-awas na ito ay ang dagdag na halagang (DH) likha ng manggagawa.

   $$(KH - HP_1) - HP_2 = DH$$

   Ang mga makinarya, kasangkapan, gusali at hilaw na materyales ay esensyal, kinakailangang kundisyon, sa produksyon ng kalakal. Pero hindi sila lumilikha ng halaga; buu-buo o baha-bahaging ipinapasa lang nila sa yaring kalakal ang anumang halaga na dati nang nakaimbak sa kanila. Tanging ang paggawa ng tao ang lumilikha ng halaga.

4) Sa katapusan, awasin sa matitira sa Blg. 3 ang halaga ng sahod ($HP_3$) para makuha ang labis na halaga (LH).

$$DH - HP_3 = LH$$

Sa isang pag-aaral sa industriya ng langis sa Pilipinas, halimbawa, nakita na sa loob lang ng 3 minuto ay nakalilikha ang karaniwang manggagawa ng halagang katumbas ng kanyang sahod para sa buong araw. Ang 7 oras at 57 minuto ng isang araw na trabaho niya ay lumilikha na ng labis na halaga para sa kapitalista. Sa manupaktura naman, noong 1975, sa 44 minuto lang ay natutumbasan na ng paggawa ng karaniwang manggagawa ang arawang sahod niya.

Kahit ibigay ng kapitalista ang makatwirang sahod—ang sahod na ayon sa tunay na halaga ng lakas-paggawa—iiral pa rin ang kanyang pagsasamantala sa manggagawa. Magpapatuloy ang pagpiga ng labis na halagang likha ng mga manggagawa hanggat umiiral ang relasyong sahuran, hanggat ang lakas-paggawa ay kalakal na binibili ng kapitalista ayon sa halaga sa pamilihan.

Ang labis na halagang likha ng mga manggagawa ay hindi buong-buong napupunta sa kapitalista sa industriya. Ang panginoong maylupa, dahil sa pag-aari niya sa lupang ginagamit sa kapitalistang sakahan o tinatayuan ng planta, ay kumukuha ng bahagi sa labis na halaga, sa anyo ng upa sa lupa. Ang kapitalista sa bangko at pinansya, dahil sa pag-aari niya sa perang ipinapautang sa kapitalista sa industriya ay tumatanggap din ng bahagi ng labis na halaga, sa anyo ng interes. Ang natitira sa kapitalista sa industriya ay ang bahagi ng labis na halaga na tinatawag na ganansya, o tubo. Pati ang buwis na sinisingil ng estadong burges sa mga kapitalista ay galing sa labis na halagang likha ng mga manggagawa.

Ang upa sa lupa, interes at ganansya ay iba't ibang parte lang ng labis na halagang pinipiga mula sa mga manggagawa. Hindi ang lupa at kapital ang lumilikha ng yaman ng mga kapitalista at panginoong maylupa, bagamat ang pagmamay-ari nila ng lupa at kapital ay nagbibigay sa kanila ng karapatang angkinin ang bahagi ng produkto ng paggawa ng mga manggagawa.

**7. Paano sinusukat ang tantos o tindi ng pagsasamantala sa uring manggagawa?**

Sinusukat ang tantos o tindi ng pagsasamantala sa manggagawa sa pamamagitan ng paghahambing sa halagang tinatanggap ng manggagawa at halagang inaangkin ng kapitalista. Sa ibang salita, sinusukat kung ilang piso ang nakukurakot ng kapitalista sa bawat pisong ipinasasahod niya sa manggagawa.

Para makwenta ito, kailangang ihambing ang laki ng labis na halagang inaangkin ng kapitalista sa laki ng sahod ng tinatanggap ng manggagawa. Base sa pagkwenta ng labis na halaga sa Tanong Blg. 6, ang tantos ng pagsasamantala ay:

$$LH/HP_3 \times 100\% = \%$$ o tantos ng pagsasamantala.

Halimbawa, ayon sa isang pag-aaral sa industriya ng damit sa Pilipinas, sa bawat pisong sahod ng manggagawa noong 1974, ang kapitalista ay karaniwang nakakapiga ng P8.13 na labis na halaga. Ang tantos ng pagsasamantala dito ay 813% o P8.13/P1x100%. Noong 1960, 116% pa lamang ang tindi ng pagsasamantala sa mga manggagawa ng damit sa Pilipinas.

Ang tantos ng pagsasamantala ay maaari ding ipahayag ayon sa oras ng paggawa. Ibig sabihin, ang kinakailangang oras ng paggawa ay ihinahambing sa sobrang oras ng paggawa.

Ang pagkwenta ng tantos o tindi ng pagsasamantala ay pagsukat kung anong bahagi ng halagang nilikha ng manggagawa (DH) ang binabayaran o katumbas ng sahod, at kung anong bahagi ang walang bayad at inaangkin ng kapitalista bilang labis na halaga.

Ang tantos ng pagsasamantala ay iba sa tantos ng ganansya. Sa tantos ng pagsasamantala, di isinasama sa kwenta ang puhunang nagastos sa mga makinarya at hilaw na materyales. Tulad ng ipinaliwanag sa Tanong Blg. 6, ang mga ito ay kinailangang kundisyon sa paglikha ng labis na halaga pero produkto ng paggawa ng manggagawa ang labis na halaga. Sa tantos naman ng ganansya, ang labis na halaga ay ihinahambing sa buong puhunan, sa gastos sa sahod, at sa makinarya't hilaw na materyales.

Ang tantos ng ganansya ay mahalaga sa mga kapitalista para malaman kung aling sangay ng pamumuhunan ang pinakamabuting paggamitan ng kapital nila. Sa kwentang ito ay naitatago ng mga kapitalista ang tunay na laki ng walang bayad na paggawang pinipiga sa mga manggagawa.

Pero sa mga manggagawa mas mahalagang alamin at intindihin ang tantos ng pagsasamantala. Sa tantos na ito tunay na makikita ang katayuan ng mga manggagawa sa lipunang kapitalista. Hindi lamang dapat suriin ng mga manggagawa ang sariling kalagayan nila at ng kanilang pamilya. Dapat ding suriin ang katayuan nila kumpara sa burgesya at buong lipunan, sa hatian ng produkto ng buong lipunan at hatian ng mga pagsulong sa iba't ibang larangan.

### 8. Paano pinasisidhi ang pagsasamantala sa mga manggagawa?

Maraming paraan ang ginamit ng mga kapitalista para pasidhiin ang pagsasamantala sa mga manggagawa. Sa Pilipinas, ang pinakamabisang sandata ng mga kapitalista laban sa manggagawa ay ang napakaatrasadong kalagayan ng ekonomya ng bansa. Labis-labis sa pangangailangan ng industriya at agrikultura ang suplay ng lakas-paggawa. Sa bawat tatlong may regular na trabaho, dalawa naman ang wala o kulang ng hanapbuhay na handang sumunggab sa anumang pagkakataong makapasok din. Taun-taon, marami ang nadaragdag pa sa mga wala o kulang ng trabaho.

Sa gayong kalagayan, pabor na pabor sa mga kapitalista ang pamilihan ng lakas paggawa sa Pilipinas. Madali nilang nagagawa, sa tulong ng gubyerno, ang sumusunod na mga paraan ng pagpapasidhi sa pagsasamantala sa mga manggagawa:

a) Nagtatakda ng napakababang minimum na sahod. Ang sahod ng karaniwang manggagawa, kasama na ang mga alawans at ibang bayad, ay di makasusustento kahit sa pagkaing kailangan para manatiling malusog ang isang karaniwang pamilya.

b) Tinatanggal o binabawasan nang malaki ang dagdag na bayarin sa obertaym, pagkakasakit at

pagtatrabaho kapag piyesta at Linggo, gayundin ang bakasyong may sahod.

k) Di sinusunod ang mga batas sa sahod at minimum na sahod. Napakababa na nga ng minimum, di pa ito sinusunod sa maraming pabrika. Sa isang pagsisiyasat ng gubyerno, 10 porsyento lang ng mga pabrika ang tumutupad sa mga batas sa sahod. Bukod sa mga kapabayaan nito sa pagpapatupad sa mga batas sa sahod, ang gubyerno ay sadyang nagbibigay ng mga puwang para makalusot ang maraming kapitalista sa pagsunod sa mga batas sa sahod. Kabilang dito ang "labor-only contracting", sistemang apprentice, tahasang paglilibre sa pagbabayad ng alawans at dagdag na mga bayarin, at iba pa.

d) Bukod sa napakababang sahod, pinapahaba ang oras ng trabaho o nagtatakda ng napakataas na kota ng produktong dapat mayari. Karaniwan, ang pagpapahaba sa oras ng trabaho o napakataas na kota—na lalo pang nagpapataas sa tantos ng pagsasamantala at ganansya kasabay ng lalong mabilis ding pagkagasgas ng kalusugan at lakas-paggawa ng mga manggagawa—ay walang kasabay o karampatang pagtaas ng sahod.

e) Hindi pinatataas ang sahod kahit walang tigil ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at ang gastusin ng mga manggagawa. Kung itaas man ang sahod, hindi pumapantay sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin kaya patuloy na dumadausdos ang tunay na halaga ng sahod.

g) Sa panahon ng krisis, maramihang tinatanggal sa trabaho ang mga manggagawa o di kaya'y mas pinabababa pa ang sahod nila. Sa krisis, sadyang ang tendensya ng sahod ay bumaba dahil lalong lumalaki ang suplay ng lakas-paggawa kung ikukumpara sa pangangailangan ng pamilihan. Pero sinasamantala

rin ng mga kapitalista ang tendensyang ito, para pababain nang husto ang sahod at higit pang palakihin ang inaangkin nilang labis na halaga. At kung muling sumigla naman ang ekonomya, pinipigilan naman ng mga kapitalista ang pagtaas ng sahod.

Masusuma sa dalawa ang pangunahing paraan ng pagpapasidhi sa kapitalistang pagsasamantala sa mga manggagawa. Una, ang pagpapalaki ng labis na halaga sa pamamagitan ng pagpapahaba ng araw ng paggawa. Ito ang paglikha ng absolutong labis na halaga. Ikalawa, ang pagpapaikli ng kinakailangang oras ng paggawa sa pamamagitan ng mas maunlad na makinarya at paraan ng produksyon at pagpapataas sa gayon ng produktibidad ng paggawa. Ito ang paglikha ng relatibong labis na halaga.

Ang una ay simpleng pagsakmal ng kapitalismo sa dating umiiral na pamamaraan ng produksyon at ang ikalawa ay kaugnay ng ganap na pagkontrol at pagrebolusyonisa nito sa produksyon. Sa mauunlad na bayang kapitalista, umiiral at patuloy na mahalaga ang unang paraan laluna sa panahon ng krisis at sa mga sektor na mababa ang sahod at produktibidad, pero matimbang sa kabuuan ang ikalawa.

Ang una ang tampok na paraan sa atrasadong malapyudal na kalagayan ng Pilipinas. Kabilang sa mga partikular na anyo nito ang napakataas na kota; pwersahang obertaym; pagpapatrabaho kahit Linggo at pistang upisyal; pagtanggal ng bakasyong may sahod; pagpapaikli ng oras ng pahinga para sa pagkain at pagpunta sa kubeta; atbp.

Ang pagpapababa ng sahod sa antas na di hamak na mas mababa sa tunay na halaga ng lakas-paggawa—bagay na karaniwan sa Pilipinas—ay nagpapaikli rin sa oras ng paggawang ginagamit sa paglikha ng katumbas ng sahod ng manggagawa. Pero sa pamamagitan lamang ng paglampas sa normal na hangganan, paglapastangan sa kinakailangang oras ng paggawa at pagpilay sa reproduksyon ng lakas-paggawa. Ang pagiging laganap nito sa Pilipinas ay palatandaan ng labis na kasakiman sa ganansya ng malaking burgesyang dayuhan at lokal. Palatandaan din ito ng

kabuuang atrasado, malapyudal at pre-kapitalistang kalagayan ng ekonomya ng bansa.

Ang pangkalahatang tendensya ng mga kapitalista ay pababain ang sahod at palakihin ang labis na halaga. Ang sahod at labis na halaga ay galing sa iisang pondo ng halaga na likha ng mga manggagawa. Kaya kapag tumaas ang sahod, bumababa ang labis na halaga. Kapag tumaas ang labis na halaga, kundi man bumababa ang aktwal na sahod ay lumiliit naman ang porsyentong nakukuha ng manggagawa mula sa produkto ng kanyang paggawa.

Habang umiiral ang sistemang sahuran, ang sahod ay itatakda ng pamilihan at ang pamilihan ay pabor sa mga kapitalista. Pero ang aktwal na sahod, samantalang nakabatay sa kalagayan ng pamilihan, ay itinatakda ng tunggalian ng mga kapitalista at manggagawa. Kapag wala, mahina o makitid ang organisasyon ng mga manggagawa, ang tumatampok ay ang kumpetisyon sa hanay nila mismo, at hindi ang sama-samang paglaban sa mga kapitalista. Higit silang nabibiktima ng pamilihan at mas maluwag na napagpapasasaan sila ng mga kapitalista.

Pero kapag matatag, malakas at malawak ang organisasyon ng mga manggagawa, may sandata silang maipanghaharap sa kapital. Maipaglalaban nila ang karapatan nila sa disenteng pamumuhay at pati na ang karapatan nila sa papalaking bahagi ng produkto ng kanilang lakas-paggawa. Magagamit nila ang tinipong lakas ng kanilang bilang at ang mapagpasyang papel nila sa pag-andar ng industriya para harapin ang kapitalista sa araw-araw na pakikibaka at pati na ang estadong kasabwat sa pagpapasidhi sa pagsasamantala sa mga manggagawa.

Sa kabilang banda, hanggat ang pakikibaka ng mga manggagawa ay limitado sa mga usaping pang-ekonomya at pang-unyon, ang inaatake nila ay ang mga epekto at hindi ang pinakaugat ng problema. Maaaring maibsan ang lala ng pagsasamantala sa kanila, pero di sila makalalaya sa pagsasamantala. Kaya ang kilusan ng mga manggagawa ay dapat itaas sa antas na nilalayon ang ganap na paglaya nila, sa antas ng pagwasak sa sistemang sahuran at sa mismong sistemang kapitalista.

# K. Krisis ng Kapitalismo at ang Sosyalismo

### 1. Paano nagaganap ang kapitalistang akumulasyon?

Ang tubong inaangkin ng kapitalista ay hindi niya inuubos sa personal na gamit—maging kagyat na pangangailangan o luho man. Hindi rin ito inuubos sa panibagong pagpapasahod sa mga manggagawa. Bahagi nito, at sa katunaya'y papalaki nang papalaking bahagi, ay inilalaan para sa pagdaragdag at sa pagpapaunlad sa mga makinarya, kasangkapan at iba pang kagamitan sa produksyon. Papalaki nang papalaking bahagi ng labis na halagang nalilikha ng manggagawa ay ginagamit ng kapitalista para lalo pang palakihin ang kanyang puhunan. Ang patuloy na pagpapalaki sa pondo at istak ng mga kagamitan sa produksyon na nakakonsentra sa kamay ng mga kapitalista ay kapitalistang akumulasyon.

Ang pangungutang sa bangko ay isa pang mahalagang paraan ng kapitalista upang pabilisin ang pagpapalaki sa kanyang puhunan at pabilisin ang pagpapaunlad at pagpaparami sa kanyang mga kagamitan sa produksyon.

Dala ng kompetisyong umiiral sa kapitalistang lipunan, masidhi ang pangangailangan na patuloy na pahusayin ng bawat indibidwal na kapitalista ang kanyang makinarya at lalong pahigpitin ang pag-oorganisa sa produksyon sa kanyang empresa. Kailangan ito sa kanyang pakikipagpaligsahan sa ibang kapitalista. Sa pagpapahusay niya ng makinarya at organisasyon sa produksyon, napaparami niya ang produkto at napapaiksi kaysa sa karaniwan ang oras ng paggawa na taglay ng mga produkto ng kanyang pabrika. Sa ganitong paraan, napapalaki niya ang tantos ng kanyang ganansya.

Pero ang pagsisikap ng indibidwal na mga kapitalista at empresa na lalong paunlarin ang sariling kakayahan sa produksyon ay higit pang nagpapasidhi ng kompetisyon at tunggalian. Di kalaunan makakahabol sa relatibong abanteng kapitalista at empresa ang iba pa, at ang abanteng teknolohiya ay magiging karaniwan, bagay na lalo namang magtutulak sa mga indibidwal na kapitalista na mas paunlarin pa ang kani-kanilang sariling kakayahan. Habang lumalaon lalong bumibilis ang kumpetisyon sa pagpapahusay sa mga makinarya at organisasyon, gayundin ang akumulasyon ng kapital.

Ang mga kapitalista ay itinutulak ng paghahabol sa papalaki nang papalaking ganansya at tantos ng ganansya na patuloy na palakihin ang kanyang kapital sa pamamagitan ng pagpapahusay sa organisasyon ng produksyon at makinarya at iba pang kagamitan sa produksyon—ang mabilis na paglawak at pag-unlad ng produksyon, ang paulit-ulit na rebolusyonisasyon ng produksyon, ang mabilis na pagtaas ng antas ng produktibidad ng paggawa. Habang bumibilis ang pagpapahusay sa mga makinarya, papalaki nang papalaki ang porsyento ng kapital na ginugugol sa makinarya at iba pang kagamitan sa produksyon. Mas bumabagal din ang pag-ikot ng puhunan. Ang resulta ay ang tendensya sa kapitalismo na lumiit ang tantos ng tubo.

Sa pagpapahusay ng organisasyon ng produksyon at makinarya, napapalaki ng kapitalista ang produksyon at napapababa ang gastos sa produksyon ng bawat piraso ng kalakal na nalilikha. Sa gayon, napapalaki niya ang labis na halagang pinipiga sa mga manggagawa. Ang mas malaking produksyon sa mas mababang gastos sa produksyon at mas malaking ganansya ay mangangahulugan ng kanyang dominasyon sa pamilihan.

Ang mas maliit at mas mahinang kapital na mas maliit ang produksyon at mas mataas ang gastos sa produksyon ay tatanggap lamang ng karaniwan, o mas maliit na ganansya na halos sapat lamang para imantini ang dating antas ng produksyon. Ang iba nama'y nalulugi at bumabagsak ang negosyo.

Patuloy na itinutulak ng kapitalistang kompetisyon ang kapitalistang akumulasyon tungo sa sukdulan, habang ang pagtaas ng antas ng kapitalistang akumulasyon ay higit namang nagpapasidhi sa kapitalistang kompetisyon.

**2. Ano ang epekto sa mga manggagawa ng kapitalistang akumulasyon?**

Ang kapitalistang akumulasyon ay nagpapalawak at nagpapaunlad sa produksyon ng lipunan. Ang pinakamalaking kontribusyon ng kapitalismo sa kasaysayan ay ang pagtatransporma ng hiwa-hiwalay at maliitang produksyon at simpleng kasangkapan sa produksyon ng lipunang pyudal tungo sa konsentrado at malakihang produksyon at

makapangyarihang kasangkapan sa produksyon ng modernong industriya.

Pero ang mismong mga kapitalista lamang ang lubos na nakikinabang sa kapitalistang akumulasyon. Para sa mga manggagawa, ang kapitalistang akumulasyon ay katumbas ng matindi at papatindi pang pagsasamantala.

Una, ang kapitalistang akumulasyon ay nakabatay sa pagpiga ng malaking labis na halaga mula sa mga manggagawa.

Ikalawa, ang kapitalistang akumulasyon, ang pagpapahusay sa makinarya at mga paraan sa produksyon, ay nagbubunga ng ibayong pagpapatindi ng paggawa ng manggagawa. Pinatitindi sa gayon ang pagsasamantala kahit hindi pahabain ang araw ng paggawa.

At ikatlo, mabilis na pinakikitid ng makinarya ang pangangailangan sa paggawa ng tao. Nalikha sa gayon ang malaking reserbang hukbo ng paggawa para labanan ang pagtaas ng sahod.

Ang makinarya ang pinakamabisang sandata ng kapital laban sa mga manggagawa. Ang pagpapaunlad sa makinarya ay sandata ng mga kapitalista hindi lamang sa pakikipagkumpitensya sa ibang kapitalista, kundi sa pagpapaliit ng gastos nila sa sahod at pagpapalaki sa labis na halagang napipiga sa mga manggagawa.

Ang malaking reserbang hukbo ng paggawa ay “sobrang populasyon”, isang permanenteng kalipunan ng mga manggagawa na sobra sa pangangailangan ng kapital sa empleyo. Laging nakahanda ang hukbong ito na mamobilisa sa panahon ng kasiglahan ng negosyo, pero itatapong parang basahan kapag dumating na ang panahon ng pagbagal at pagbagsak ng negosyo. Habang lumalaki ang reserbang hukbo ng paggawa, lalong paborable para sa mga kapitalista ang pamilihan ng paggawa at mas nasa mahusay na pusisyon sila para pababain ang sahod o pigilan ang pagtaas nito. Laging binabantaan din ng mga kapitalista ang mga manggagawa na kahit kailan ay pwede silang maging bahagi ng hukbong ito. Sa gayon, mas mahigpit na napasusunod ang mga manggagawa sa gusto ng mga kapitalista.

Kaya sa kapitalismo, ang makinaryang pinakamaunlad na instrumento para mapagaan ang trabaho ay nagiging pinakamalupit na instrumento rin para lustayin ang lakas-paggawa at manghuthot sa mga manggagawa. Ang pinakamakapangyarihang kasangkapan para paikliin ang oras ng trabaho ay nagtatali sa mga manggagawa sa habambuhay na pagtatrabaho para sa pakinabang ng iba. Ang sobrang pagod ng ilan ay nagiging kaakibat ng kawalan ng trabaho ng iba.

### 3. Paano nagaganap ang mga krisis ng kapitalismo?

Ang walang tigil na paghahabol sa ganansya, ang kapitalistang akumulasyon at kapitalistang kumpetisyon, ang relasyon ng akumulasyon at kumpetisyon na nagpapatindi sa isa't isa, ay nagbubunga ng mabilis na paglawak at paglaki ng produksyon sa lipunan.

Pero ang paglawak at paglaki ng pamilihan ay di kasimbilis ng paglawak at paglaki ng produksyon. Di nakakasabay sa bilis ng paglaki ng produksyon ang bilis ng paglaki ng pamilihan.

Kaya ang natural na patutunguhan ng kalagayang ito ay ang pagbagsak ng negosyo kapag sobra-sobra na ang pagbaha ng mga produktong di maibenta sa pamilihan. Ito ang krisis ng labis na produksyon na bumabayo sa buu-buong mga industriya at sa buong ekonomya. At dahil likas sa sistemang kapitalista ang mga ugat nito, pana-panahong nagaganap ang krisis.

Sa panahon ng krisis, barado ang komersyo, umaapaw ang mga produkto sa pamilihan, matumal na matumal ang benta. Nakatiwangwang sa malalaking talaksan ang mga produktong di maipagbili. Bumabagsak ang halaga ng salapi, natutuyo ang pautang, natitigil ang mga pabrika, sunud-sunod ang pagkalugi, pwersadong ibinebenta nang palugi ang mga kagamitan sa produksyon at mga produkto. Nawawalan ng hanapbuhay ang mga manggagawa, nagugutom sila at mga pamilya nila, dahil sumobra nang husto ang produktong ipinalikha sa kanila.

Umaabot ng ilang taon ang krisis. Maramihang winawaldas at sinisira ang mga produkto, gayundin ang mga pwersa sa produksyon.

Hanggang sa maidispatsa ang natambak na kalakal at unti-unting gumana uli ang produksyon at pamilihan.

At muli, unti-unting bibilis ang pag-andar ng produksyon at palitan. Ang paghakbang ay magiging pagsagsag, ang pagsagsag ng industriya ay magiging pagtakbo, at ang pagtakbo ay tutungo sa walang-patumanggang pag-uunahan sa produksyon, komersyo, pag-utang at pagpapautang, at ispekulasyon, na matapos ang pinakahumahagibis na mga paglukso, ay hahantong na naman sa hukay ng panibagong pagbagsak.

Ang pagsasalitan ng mga panahon ng paglakas ng negsoyo at mga krisis ay naging tatak na ng sistemang kapitalista mula nang makapangibabaw ang moderno at malalaking industriya. Noong ika-19 siglo, dumarating ang krisis tuwing 10 taon humigit-kumulang.

Nagpapatuloy ang mga krisis ng labis na produksyon sa panahon ng imperyalismo. Pinakamatingkad na halimbawa ang Malaking Depresyon noong mga taong 1930. Halimbawa din ang krisis noong simula at papatapos ang dekadang 1980. Sa panahon ng imperyalismo, ginagamit ng mga monopolyong kapitalista ang monopolyong pusisyon nila sa produksyon, pamilihan at pinansya ng buong mundo, gayundin ang kontrol nila sa estadong imperyalista, para mag-angkin ng tantos ng ganansyang mas mataas sa karaniwan at makaiwas sila sa hagupit ng mga krisis sa pamamagitan ng pagpapasa ng bigat ng krisis sa mga atrasadong bayang kolonyal at malakolonyal at sa mga manggagawa at iba pang mamamayan at mga di-monopolyong kapitalista ng mga bayang kapitalista. Pero, magawa man ng mga monopolyong kapitalista na ipagpaliban o bawasan nang malaki ang hagupit ng krisis sa kanilang negosyo, hindi pa rin napipigilan ang pananalasa ng mga krisis ng kapitalismo, na sa panahon ng katindihan ay humahagip maging sa mga negosyong monopolyong kapitalista. Sa katunayan, ang mga hakbang at pakana ng mga imperyalista na makaiwas sa krisis ay nagdudulot habang lumalaon ng mas malawak at mas malalim na dislokasyon, kahirapan, kabulukan at kabaluktutan sa buong mundo.

✍ Higit na tatalakayin ito at iba pang kaugnay na usapin sa paksang **IMPERYALISMO**.

Ang mga krisis ng kapitalismo, ang kanilang pagdalas, ang paglawak ng kanilang pinipinsala at ang paglaki ng kanilang pamiminsala, ay palatandaang lipas na ang sistemang kapitalista. Napag-iwanan na ng mga pwersa sa produksyon ang mga kapitalistang relasyon sa produksyon. Hindi na pwedeng magpatuloy ang paghahari ng kapital nang hindi pana-panahong sinisira ang mga kagamitan sa produksyon, nang hindi pana-panahong isinasalang ang buong lipunan sa karahasan at pamiminsala ng mga dislokasyon sa ekonomya, nang hindi pana-panahong pinaaabot sa sukdulan ang malala nang pagkabusabos at pagkagutom ng uring manggagawa.

## 4. Ano ang rebolusyong sosyalista?

Sa rebolusyong sosyalista, ibabagsak ng uring manggagawa ang sistemang kapitalista, papawiin ang kaakibat nitong pagsasamantala, pang-aalipin at mga krisis, at tuluy-tuloy na pauunlarin ang produksyon ayon sa pangangailangan ng buong lipunan at bawat indibidwal.

Winawasak ng uring manggagawa ang makinarya ng estadong kapitalista at inaagaw ang kapangyarihang estado. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng estadong sosyalista, gagawing pag-aaring publiko ang mga kagamitan sa produksyon na monopolisado ng mga kapitalista.

Kapag naging pag-aaring publiko ang mga kagamitan sa produksyon, matatapos ang buhay ng mga ito bilang kapital. Sa halip na gamitin sa pagbili ng lakas-paggawa at paglikha ng kalakal para tumubo ang mga kapitalista, ang mga kagamitan sa produksyon ay ganap na papaglilingkurin sa kapakanan ng lipunan at mga nagtatrabaho. Kaya magwawakas din ang mapagsamantalang relasyong sahuran. Ang mga produkto ng lipunan ay hindi na hahatiin batay sa pribadong pagmamay-ari at halaga ng lakas-paggawa. Sa halip, hahatiin ang mga produkto batay sa partisipasyon sa paggawa, alinsunod sa prinsipyong “tatanggap ang bawat isa ayon sa kanyang nagawa.” Ito ang unang hakbang sa pagpawi ng pagsasamantala ng tao sa tao at ng mga uri sa lipunan.

Magiging tuluy-tuloy at mas mabilis pa ang pag-unlad ng produksyon. Lalaya ang produksyon mula sa mga sagkang bunga ng pagpiga ng kapital ng labis na halaga at kapitalistang akumulasyon. Kahit ang simpleng paglalaan ng yamang dating nilulustay ng mga kapitalista sa luho at karangyaan tungo sa gamit na produktibo at para sa kabutihan ng marami ay malaking kontribusyon na sa pag-unlad ng produksyon at lipunan.

Higit pa, lalaya ang produksyon at lipunan sa pana-panahong mga krisis na sumisira sa mga pwersa sa produksyon. Ang pamumuhay ng mga tao ay patuloy na bubuti, magiging sapat sa mga materyales na pangangailangan at gagarantya sa malayang pag-unlad at paggamit ng mga kakayahan ng katawan at isip. Ang ginhawa't kaunlarang ito ang magsisilbing pinakamakapangyarihang pwersa na magtutulak sa tuluy-tuloy at mas mabilis pang pag-unlad ng produksyon.

Wawakasan ang dominasyon ng pamilihan sa produksyon at ang kaakibat nitong anarkiya sa produksyon. Ipapalit ang binalak na produksyon sa produksyong nakatali sa pamilihan at ganansya. Paplanuhin ang produksyon, hindi batay sa kung ano ang maibebenta nang may pinakamalaking ganansya, kundi batay sa pangangailangan ng buong lipunan at mga indibidwal. Sa gayon, magiging maayos at matino ang paggamit ng mga kagamitan sa produksyon at ng lakas at talino ng buong lipunan.

Habang umuunlad ang produksyon, mapapawi ang anumang batayan para umiral ang mga grupo ng taong hiwalay sa produktibong paggawa at nag-iispesyalisa sa pangangasiwa samantalang ang karamihan ay nakatali sa pagpapatulo ng pawis. Gayundin, mapapawi ang mga batayan para umiral ang uring may monopolyo sa edukasyon at pamumunong intelektwal. Ibig sabihin, mapapawi ang anumang batayan para mahati pa ang lipunan sa mga uri.

Sa relasyon ng tao sa tao, tatapusin ang paghahari ng batas na "matira ang matibay". Ang kasaganaan at kalayaan ng ilan ay di na kailangang ibatay sa pagkabusabos at pagkaalipin ng iba. Magiging kundisyon sa kabutihan ng isa ang kabutihan at tulong ng iba. Ang mga batas ng mga relasyon sa lipunan na dating di makontrol ng tao ay mapangingibabawan at makokontrol na nila. Sa gayon, lilitaw ang

kundisyon para sa tunay na pagkontrol ng tao maging sa mga batas ng kalikasan. Mulat nang babaguhin ng tao ang kanyang sarili at ang daigdig.

Dakilang misyon ng uring manggagawa sa kasaysayan ng sangkatauhan na palayain ang daigdig sa pamamagitan ng rebolusyong sosyalista.

Hanggang ngayon, ang rebolusyong sosyalista ay sa mga relatibong atrasadong bayan pa lamang nagtatagumpay. Malaki ang epekto nito sa naging takbo ng rebolusyon at konstruksyong sosyalista sa mga bayang iyon. Pinatunayan na ng kalitatibong pag-unlad ng produksyon at kalagayan ng mamamayan sa mga bayan kung saan nagtagumpay ang sosyalismo ang superyoridad ng sosyalismo sa kapitalismo. Subalit masalimuot ang tunggalian ng mga uri. Nakapangibabaw ang modernong rebisyonismo at nakapanumbalik ang kapitalismo sa mga bayang ito. Ang mga kagamitan sa produksyon ay muling naging pribadong pag-aari; mabilis na dumausdos ang kabuhayan ng mamamayan. Muling nahaharap sa krisis ang mga bayang ito bilang bahagi ng paglala ng krisis ng kapitalismo sa buong daigdig.

Ang pagkabulok at pagguho ng modernong rebisyunismo ay lalong nagbibigay-diin sa pangangailangan ng sosyalistang rebolusyon at ng pagpapatuloy ng sosyalistang rebolusyon pagkatapos maibagsak ang kapangyarihan ng burgesya.

## D. Pagsasamantalang Pyudal at Malapyudal sa mga Magsasaka at Manggagawang Bukid

### 1. Ano ang mga kalagayang pinagsisibulan ng pyudal na pagsasamantala at relasyon sa produksyon?

Ang mga kalagayang pinagsisibulan ng pyudal na pagsasamantala at relasyon sa produksyon ay:

**a) Likas na ekonomyang nakasasapat sa sarili.**

Ang produksyon ay pangunahing para sa sariling gamit at hindi para sa pamilihan. Ang ani ng mga magsasaka, sa kalakhan, ay tumutugon lang sa pangangailangan nila, ng kanilang pamilya, at ng

panginoong maylupa. Kung may ani na sobra sa pangangailangan at sa upa sa lupa, at saka lang nakapagbebenta ng produkto ang magsasaka. Ang labis na produktong kinakamkam ng panginoong maylupa ay pangunahing ginagamit din nito para sa sariling pagpapasasa at luho. Kahit ang mga artisano na lumilikha ng kalakal para sa pamilihan ay umaasa sa sariling pagtatanim, pag-aalaga ng hayop, pangangalap ng kahoy at panggatong, paghahabi, para matugunan ang kalakhan ng kanilang pangangailangan. Maliit lang na bahagi ng produkto ang nagiging kalakal at ang palitan ay sa limitadong saklaw lang ng mga lokalidad. Ang maliliit na komunidad ay nagsasarili at namumuhay nang nakahiwalay sa iba.

**b) Monopolyo ng iilang panginoong maylupa sa malalawak na lupain.**

Lupa ang pinakamahalagang kagamitan sa produksyon sa pyudal na lipunan. Ang malalawak na lupain ay pag-aari ng iilang panginoong maylupa at ang maliit na bahagi ay inaari ng mga nagsasarili o nakikisamang maliliit na magsasaka. Ang lupain ng mga panginoong maylupa ay ipinabubungkal sa malaking bilang ng magsasakang wala o kulang ng lupa, na obligadong magbayad ng upa sa lupa.

**k) Maliit at hiwa-hiwalay na produksyon ng mga magsasaka.**

Ang masang magsasaka ay umaasa sa mga simpleng kasangkapang pansaka upang bungkalin ang maliliit at hiwa-hiwalay na parsela ng lupa. Ang mga artisano ay nagsasarili rin sa pagyari ng produkto at kung may katulong sila ay pailan-ilan lamang. Ang mga kasangkapan sa pagsasaka at pagyayaring-kamay ay simple, mumunti at di maunlad, bagay na sadyang angkop sa indibidwal na produksyon. Limitado ang produksyon, at napakabagal ng pagbabago sa mga kasangkapan sa produksyon, teknolohiya at paraan ng paggawa.

Ang pagsasamantala ng panginoong maylupa sa masang magsasaka ang saligang katangian ng pyudal na relasyon sa produksyon.

## 2. Ano ang malapyudalismo?

Umiiral sa sistemang malapyudal ang relasyong kapitalista, pero nananatili sa malawak na kanayunan ang mga pyudal na relasyon sa produksyon. Ang kapitalistang sektor ay nakakonsentra sa kalunsuran at matatagpuan din sa mga kapitalistang sakahan sa

kanayunan. Nalulusaw na ang pyudalismo pero hindi pa lubos ang pangingibabaw ng kapitalismo.

Sa malapyudal na lipunan ang kapangyarihan ng salapi at kalakal ay umaabot hanggang sa pinakamalayong sulok ng kanayunan at nawawasak na ang likas na ekonomyang nakasasapat sa sarili, subalit nagpapatuloy pa rin ang saligang pyudal na relasyon ng pagsasamantala. May malaking bilang ng manggagawang bukid at malaproletaryado sa kanayunan na pwersadong magbili ng lakas paggawa bilang pangunahing o sekundaryong pagkakakitaan.

May kanya-kanyang partikularidad ang malapyudalismo sa iba't ibang bayan dahil sa iba't ibang prosesong dinaanan ng pangingibabaw ng kapitalismo sa pyudalismo. At sa iba't ibang yugto ng prosesong ito ay may mga partikularidad din ang malapyudalismo. Ang tatalakayin natin ay ang malapyudalismo sa Pilipinas.

Ang malapyudalismo sa Pilipinas ay bunga ng pagpasok at pangingibabaw ng imperyalismong U.S. sa lumang pyudal na lipunan. Binabago ng imperyalismo ang sistemang pyudal ayon sa mga pangangailangan nito sa superganansya, murang lakas-paggawa, murang hilaw na materyales, pamilihan ng sobrang produkto, at larangan ng pamumuhunan para sa sobrang kapital.

Ang likas na ekonomyang nakasasapat sa sarili ay pinalitan ng ekonomyang nakabatay sa salapi. Ang nagsasariling pagyayaring-kamay ng mga artisano at pamilyang magsasaka ay pinabagsak ng kompetisyon ng imported na kalakal at industriya sa kalunsuran. Ang pagtatanim para sa pamilihang dayuhan at lokal ng mga pananim na komersyal ay nagbunga ng ispesyalisasyon sa agrikultura. Ang mga ito, kasama ang pagpapalaki sa produksyong industriyal para sa pamilihang dayuhan at lokal, ay nagtulak ng produksyon para sa kalakalan, at nagpalaganap sa papel at kapangyarihan ng salapi.

Laganap ang operasyon ng kapital at ang kapangyarihan ng salapi. Pero sa malawak na bahagi ng kanayunan, ang kapital ay nasa anyo ng kapital sa usura at komersyo. Bagamat pumipiga ng labis na halaga mula sa mga magsasaka at sa maliliit na panginoong

maylupa—at sa gayo'y itinutulak sa pagkabangkrap ang huli—ang kapital sa usura at komersyo ay di pa tuwirang pumapasok at umaangkin sa proseso ng produksyon. Nananatili ang dating atrasadong produksyon at ang mga relasyong pyudal, bagamat patuloy na lumalaki ang labis na halagang sinisipsip ng mga usurero't komersyante.

Walang saligang industriyang lumilikha ng saligang metal, saligang kemikal, at makinarya. Ang industriya ay limitado sa pagkuha ng mga hilaw na materyales gaya ng mineral, metal at troso, at sa manupaktura para sa panimulang pagpoproseso ng hilaw na materyaleses pang-eksport at para sa asembli at "repacking" ng mga produktong pangkonsumo. Ang mga ito'y patuloy na nakasalig sa iniimport na makinarya, hilaw na materyaleses at enerhiya.

Ang sistemang kalakal ay pinangingibabawan ng malaking burgesyang komprador. Tampok rito ang pangingibabaw ng produksyon ng mga pananim pang-eksport tulad ng niyog, tubo, saging, goma, atbp.; ng prinosesong hilaw na materyaleses tulad ng langis ng niyog, asukal, bara ng metal, tabla, atbp.; at mga produktong yari sa mga "export processing zones" na sumasamantala sa murang paggawa sa bayan. Tampok rin dito ang patuloy na pagsalig sa pag-import ng makinarya at iba pang kagamitan sa produksyon, at mga yaring produktong pangkonsumo. Lagi nitong inilulubog ang ekonomya ng bayan sa depisit sa kalakalang dayuhan at papalaking utang panlabas.

Nananatili ang atrasado at hiwa-hiwalay na produksyon sa kabila ng iba't ibang programang pakitang-tao ng sunud-sunod na mga papet na rehimen gaya ng "Green Revolution", irigasyon, atbp. Sa halip na maganap ang redistribusyon ng lupa, lalo lamang pinalala ng mga huwad na reporma sa lupa ang monopolyo sa lupa ng panginoong maylupa. Laganap pa rin ang pangingikil ng upa sa lupa hindi lamang sa mga lupang tinatamnan ng halamang-pagkain kundi pati sa mga taniman ng pananim pang-export gaya ng niyog at tubo. Ang kawalan ng lupa ay nananatiling pinakamalaking suliranin ng bayan. Ang mga malapyudal na elemento, ang mga bagong-tipong panginoong maylupa, ang mga mayamang magsasaka, ang mga usurero-komersyante atbp. ay nalulukob pa ng pyudalismo sa

kanayunan. Ang tendensya nila'y gamitin ang labis na kita sa pagkalap ng karagdagang lupa dahil sa limitadong oportunidad para sa pamumuhunang di-agrikultural.

Dulot ng pagkaubos ng lupang maaaring sakahin at mabilis na konsentrasyon ng lupa, lumalaki ang bilang ng walang lupa, maraming magsasaka ang napipilitang magbenta ng lakas paggawa, at dumarami ang walang hanapbuhay.

### 3. Ang upa sa lupa at iba pang anyo ng pyudal na pagsasamantala

Ang pagpiga ng napakataas na upa sa lupa ang saligang anyo ng pyudal na pagsasamantala. Pinagbabayad ng panginoong maylupa ang masang magsasaka ng upa sa lupa sa anyo ng produkto o salapi bilang kapalit ng karapatang sakahin ang lupang inaari niya. Nakapagdidikta ng napakataas na upa sa lupa ang panginoong maylupa dahil monopolisado nila ang lupa.

Iba't iba ang sistema ng pagkulekta ng upa sa lupa, na umaabot ng 50 hanggang 80 porsyento ng ani. Ang pinakalaganap ay ang sistemang hatian at ang sistemang buwisan, rentahan o aryendo. Sa hatian, may tersyuhan, hatian o tinunga, apatan at iba pa. Sa buwisan, salapi ang ibinabayad na upa.

Para mapataas ang upa, ang gastos sa pagsasaka ay ipinababalikat ng panginoong maylupa sa mga magsasaka. Kung sinasagot man ng panginoong maylupa ang bahagi ng gastos tulad ng gastos sa binhi, abono't pestisidyo, patubig, kalabaw o makina, at pansahod sa mga manggagawang bukid, dinadagdagan niya ang upa sa lupa, pinapatungan ang presyo ng gastos, o dinadaya ang mga magsasaka sa kwentahan. Ang mga magsasaka ay inoobliga ring magbigay ng libreng serbisyo sa panginoong maylupa.

Ang upa sa lupa ay iba sa ganansya. Ang ganansya ay kita ng puhunan, samantalang ang upa sa lupa ay kinukulekta nang walang pamumuhunan. Ang upa ay buwis na sapilitang kinukuha o kinikikil batay lamang sa monopolyo sa lupain nang walang pamumuhunan.

Ang lupain ng masang magsasaka ay kinamkam ng malalaking panginoong maylupa sa pamamagitan ng dahas, paggamit sa reaksyunaryong estado o panlilinlang. Mga magsasaka ang

nagpaunlad sa lupaing ito. Kung mamuhunan man siya para umunlad nang kaunti ang lupa, ang panginoong maylupa ay nagtatakda ng dagdag na obligasyon sa mga magsasaka para mabawi ang puhunan at kumita ito nang labis-labis.

Sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga kagamitan sa produksyon, mapapalaki ng kapital ang ganansya nang di binabawasan ang halaga ng sahod ng manggagawa. Ang upa sa lupa naman ay mapalalaki lang sa pamamagitan ng pagbawas sa kinakailangang produkto ng magsasaka, at pagkaltas sa sahod ng manggagawang bukid.

Ang upa sa lupa ay hindi kapalit ng halaga ng lupa na nagamit sa produksyon. Ang lupa sa natural na kalagayan nito ay walang halaga. Nagkakaroon lang ng halaga ang lupa kapag ginamitan ng paggawa ng tao para mapaunlad, ibig sabihin, kapag ginamitan ng kapital at trinabaho ng tao. Pero may presyo ito sa pamilihan dahil may likas na gamit sa tao, limitado ang lawak, at monopolisado ng mga indibidwal.

Ang monopolyo sa lupa, ang upa sa lupa at ang presyo ng lupa, na pawang tumitindi o tumataas habang lumalaki ang pangangailangan ng lipunan, ay sagabal sa pag-unlad ng produksyon kahit sa sistemang kapitalista. Malaking bahagi ng halagang nalilikha ang pumupunta sa mga panginoong maylupa na hindi namumuhunan ni nagtatrabaho.

Ang pyudal na upa sa lupa ay iba rin sa kapitalistang upa sa lupa. Ang batayan ng una ay produksyong pyudal, samantalang ang batayan ng ikalawa ay produksyong kapitalista. Ang pyudal na upa sa lupa ang pangunahing anyo ng sobrang produkto ng pyudal na sistema. Ang kapitalistang upa sa lupa naman ay bahagi lang ng labis na halaga at ang laki nito ay itinatakda ng ganansya. Ang pyudal na upa ay napalilitaw nang walang pamumuhunan, ang kapitalistang upa ay mapalilitaw lang bunga ng paggamit ng kapital sa produksyon.

**Usura**

Dahil di sapat ang tinatanggap nilang parte sa ani kahit man lang para sa pagkain hanggang sa susunod na anihan, ang karaniwang magsasakang kasama ay pwersadong mangutang sa mga usurero para

sa mga gastos sa pagsasaka at bahagi ng pansustento sa mga pangangailangan ng pamilya. Maging ang mga nagsasariling magsasaka ay madalas mangutang para sa bahagi ng gastos sa pagsasaka, at kapag panahon ng kagipitan, pati para sa mga pangangailangan ng pamilya. Ang karaniwang isinasanla ng mga magsasaka sa mga usurero ay ang kanilang lupa o ang parte nila sa susunod na anihan.

Kahit saan sa kanayunan, umiiral ang iba't ibang anyo ng usura, tulad ng takalan, talinduwa, takipan at 5-6. Ang interes ay umaabot ng 100 porsyento sa tatlong buwan hanggang 50 porsyento sa isang buwan. Ang gubyerno mismo, sa pamamagitan ng mga programa sa pautang, ay nang-uusura.

Ang pagpapautang ng panginoong maylupa sa magsasaka sa napakataas na interes o pyudal na usura para sa binhi at iba pang gastos sa produksyon ay isa pang paraan ng panginoong maylupa para higit na mapalaki ang parte nito sa ani o pinipigang labis na produkto mula sa magsasaka. Karaniwan na ang sandaang porsyento bawat anihan hanggang limampung porsyento bawat buwan na patong na interes sa bawat pautang ng panginoong maylupa. Karaniwang ginagamit rin ng panginoong maylupa ang pang-uusura para makamkam ang sakahan ng mga maliliit na nagsasariling magsasaka. Ang usura ay mahalagang kasangkapan ng mga panginoong maylupa para palawakin pa ang kanilang lupain, pataasin ang nakukuhang upa sa lupa, at pahigpitin ang kontrol nila sa mga magsasaka

Madalas din na sapilitang inaalila ng panginoong maylupa ang kasama o pamilya niya. Pinaghahatid din ang mga magsasaka ng kung anu-anong mga "handog" tulad ng manok, bungang-kahoy, gulay at panggatong.

Napakatindi ng pyudal na pagsasamantala sa masang magsasaka. Pinipiga ng panginoong maylupa mula sa maralitang magsasaka hindi lamang ang labis na produkto kundi pati ang bahagi ng produkto ng oras ng paggawa ng huli na kailangan para mabuhay sila. Ito ang dahilan ng malubhang paghihikahos ng milyun-milyong magsasaka. Ito rin ang pangunahing dahilan kung bakit halos walang

pag-unlad ng pagsasaka sa malawak na bahagi ng kanayunan sa loob ng napakahabang panahon. At para ipatupad ang ganitong papatinding pagsasamantala, ang masang magsasaka ay inaapi at marahas na inaalisan ng mga karapatang pampulitika.

### 4. Anu-ano ang mga anyo ng pagsasamantalang malapyudal sa kanayunan?

Ang pinakasukdulang pang-aaliping sahuran sa mga manggagawang bukid at maralitang magsasaka, ang komersyanteng usura at pagsasamantala, ang napakataas na paupa sa mga hayop, kasangkapan at makinaryang pansaka at iba pa ay pawang mga anyo ng pagsasamantalang malapyudal sa kanayunan. Bagamat tampok na sa mga ito ang papel ng salapi at kalakalan, malapyudal ang mga ito dahil nagmumula at sumusuhay sa pyudal na monopolyo sa lupa at pyudal na pagsasamantala at pagpapahirap sa masang magsasaka at manggagawang bukid.

#### a. Sukdulang pang-aaliping sahuran sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid

Ang mas malaking bahagi ng populasyon sa kanayunan ay binubuo ng mga umaasa nang lubos o baha-bahagi sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa. Sila ang mga maralitang tagabukid—ang mga manggagawang bukid na lubos o pangunahing umaasa sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa, at ang mga maralita't nakabababang-panggitnang magsasaka na pangunahing umaasa sa pagbubungkal ng lupang sarili o inuupahan pero umaasa pa rin nang malaki sa kita sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa.

Ang bilang nila ay patuloy na nadadagdagan ng mga nagsasariling magsasaka na nawawalan ng lupa o bumabagsak ang kabuhayan dahil sa tahasang pangangamkam ng lupa ng mga panginoong maylupa, burukrata at korporasyon sa agrikultura, at dahil sa lalong pagtindi ng pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at komersyanteng usurero.

Napakalaki ng sobrang lakas-paggawa sa kanayunan na di mabigyan ng empleyo sa industriya at di rin makatagpo ng sapat na empleyo sa agrikultura. Kaunti lang ang mga manggagawang bukid na may permanenteng empleyo sa malalaking sakahan. Ang karamihan ay

tulad ng mga maralita't makabababang-panggitnang magsasaka na ipinapaarkila ang sarili bilang arawang manggagawa sa mga baryo at panahunang manggagawa sa malalaking sakahan.

Higit pang matingkad ang laki ng sobrang lakas-paggawa kapag ang kalakhan ng lupain sa isang lugar ay okupado ng mga permanenteng tanim na komersyal, kapag ang mga dating sakahan ay ginagawang pastuhan o ibinabaling sa mga gamit na di agrikultural, at, sa lahat ng lugar, kapag panahong naghihintay ng anihan.

Kaya madalas, para kumita, ang mga nagtatrabaho para sa sahod sa kanayunan ay tumatanggap ng iba't ibang klase ng trabaho sa baryo o pana-panahong iniiwan ang kanilang pamilya para magtrabaho sa ibang baryo, bayan o probinsya, at maging sa ibayong-dagat.

Dahil sa desperadong kalagayan nila, ang mga nagtatrabaho para sa sahod sa kanayunan ay napipilitang tumanggap ng napakababang sahod kapalit ng napakabigat na trabaho sa napakahabang oras. Ang arawang sahod nila, bagamat pantawid-gutom na rin, ay mas mababa pa sa minimum na kailangan nila at ng kanilang pamilya. Kaya para hindi magutom ang kanilang pamilya, tumatakbo sila sa usurero, bagay na madalas ay nagagamit nito para lalong pababain ang sahod nila. Bukod pa rito ang napakataas na interes at utang-na-loob na kalakip ng pautang.

Kung miserable ang kalagayan ng mga manggagawa sa industriya, mas miserable pa ang kalagayan ng mga manggagawang bukid. Ang anumang proteksyong tinatanggap ng mga manggagawa sa industriya bunga ng mga pang-unyong pakikibaka at lehislasyon ay karaniwang di tinatamasa ng mga manggagawang bukid. Ang mga ito ay pinahihirapan di lamang ng napakababang sahod at napakatagal na pagtatrabaho, kundi pati ng napakamapaniil na kalagayan sa trabaho. Madalas, ang trabaho nila ay basta na lang pinabibigat o dinadagdagan ng iba pang gawain na tahasang labas na sa saklaw ng bayad sa kanila. Anumang oras ay pwede silang sipain sa trabaho. Malupit na sinusupil ang mga karapatan nila sa pag-uunyon. Di sila binabayaran ng danyos kapag naaksidente sa trabaho. Madalas pa, dinadaya sila sa kwenta ng kita at bayaran. Ang mga dumadayo sa malalaking sakahan ay ibinabahay sa mga tirahang di angkop sa tao,

at inoobligang bumili sa mga tindahang nagpapatong nang malaki sa presyo ng mga paninda.

Ang pangunahing nakikinabang sa pagsasamantala sa mga nagtatrabaho para sa sahod sa kanayunan ay ang mga panginoong maylupa, mga komersyanteng usurero, at ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal na nagnenegosyo sa eksport ng mga produktong agrikultural, pagbebenta ng mga kagamitan sa pagsasaka, at tuwirang pamumuhunan sa produksyong agrikultural. Ang halos kabuuan ng sobrang produktong likha ng mga nagtatrabaho sa kanayunan ay pinaghahati-hatian nila sa anyo ng upa sa lupa, interes at ganansya.

Ang lumang tipo ng panginoong maylupa ay nangingikil ng parte nila sa anyo ng pyudal na upa sa lupa. Ang upang ito ay produkto ng paggawa di lang ng mga kasama, kundi pati ng mga sahuran.

Ang bagong tipo ng panginoong maylupa ay tumatanggap ng upa sa lupa at ganansya. Pero karaniwang ang ipinupuhunan nila ay limitado lang, ang malaking bahagi ng trabaho sa kanilang sakahan ay ginagamitan ng lakas-tao lang, at ang mas malaking inaasahan nila para kumita nang malaki ay ang monopolyo sa lupa. Kaya ang upa sa lupa na tinatanggap nila ay may katangiang pyudal.

Ang mga kontratista ay gumaganap ng mahalagang papel para sa mga panginoong maylupa at kapitalista sa malalaking sakahan. Tinitiyak ng mga kontratista ang sapat na suplay ng murang lakas-paggawa para sa malalaking sakahan, bukod sa direktang pangangasiwa nila sa mga manggagawa para mapiga ang pinakamalaking paggawa mula sa mga ito. Ang kita ng mga kontratista ay binabawas mula sa sahod na tinatanggap ng mga manggagawa mula sa sakahan. Mga komersyanteng usurero rin sila na nagpapautang sa manggagawa at nagsusuplay sa mga pangangailangan nila't ng pamilya nila, habang di pa sumasahod. Kadalasan, sa kwentahan pagkatapos ng isang panahon ng pagtatrabaho, halos wala o wala talagang natitirang kita para sa mga manggagawang bukid, kundi man may utang pa sila sa kontratista.

Ang mayayamang magsasaka ay bumibili rin ng lakas-paggawa sa baryo. Kadalasan, ikinukumbinasyon nila ito sa pagpapautang ng

pera at ng mga produktong pangkonsumo, para mapababa ang sahod at mapalaki ang kanilang ganasya. Sa baryo, ang mayayamang magsasaka ang pangunahing kumakatawan sa pagsasamantala sa pamamagitan ng sahod. Kahit nagsasaka rin sila, ang mayayamang magsasaka ay kumikita sa pamamagitan ng pagsasamantala sa manggagawang bukid at maralita't nakabababang-panggitnang magsasaka. Kung sarili nila ang lupa, tumatanggap sila ng sobrang produkto ng iba, sa anyo ng ganansya at upa sa lupa. Kung nakikisama sila, bagamat ang kalakhan ng sobrang produkto ng mga sahuran ay napupunta sa panginoong maylupa sa anyo ng upa sa lupa, bahagi ng sobrang produktong iyon ay napupunta sa mayayamang magsasaka sa anyo ng ganansya.

Ang mga maralita at panggitnang magsasaka ay umuutang sa mga usurero para sa puhunan at nagbabayad ng upa sa mga panginoong malupa. Bagamat umaarkila sila sa lakas-paggawa ng iba sa panahon ng pagtatanim at pag-aani, di sila tumatanggap ng sobrang produkto ng iba, o kung tumatanggap man ay maliit lang. Kadalasan pa nga ay napagsasamantalahan din sila kahit kung gumagamit sila ng paggawa ng iba. Ang kabuuan o halos kabuuan ng sobrang produktong nakukuha nila sa mga sinasahuran ay napupunta sa mga panginoong maylupa sa anyo ng upa at sa mga usurero sa anyo ng interes. Kung napagsasamantalahan sila, ang bahagi ng produkto ng paggawa nila ay napupunta sa upa at interes. Ang nakaaangat na panggitnang magsasaka ay bumabahagi sa pagsasamantala sa iba. Ang produkto ng paggawa nila ay natatanggap nila nang buo, bukod pa sa bahagi ng sobrang produktong nakukuha sa mga sinasahuran.

**b. Ang komersyanteng usura at pagsasamantala sa kanayunan**

Ang mga pangunahing paraan ng pagsasamantalang komersyante sa kanayunan ay ang pagpapatong nang malaki sa presyo ng binibili ng mga magsasaka at ang pagbili sa mga produkto nila sa napakababang presyo. Karaniwan ding inilalakip ng mga komersyante ang negosyo sa pamimili at pagbebenta at ang usura. Sa maraming lugar, ang mga komersyante ay nagpapauna sa mga magsasaka ng binhi, abono, pestisidyo, iba pang gamit sa pagsasaka at pati salapi, sa kondisyong sa kanila ibebenta ang ani sa presyong dikta nila.

Pabor na pabor sa mga komersyante ang kalagayan ng pamilihan sa mga lugar na ang umiiral ay ang maliitan at hiwa-hiwalay na produksyon ng mga magsasaka. Sa panahon ng anihan, malaki ang suplay ng mga produkto ng mga magsasaka at napipilitan silang magbenta nang mura dahil kailangan nila ng pera. Kapag wala nang magasta ang mga magsasaka, o kung panahon ng taniman, kumikita nang malaki ang mga komersyante sa pagpapautang o pagpapauna sa ilang gastos sa produksyon. Sa mga liblib na lugar, nagagamit nila ang tuwirang pagkontrol sa suplay at pagdidikta ng presyo.

Nitong nakaraang dekada, ang paglaganap ng mga bagong binhi at bagong teknolohiya sa pagsasaka ay nagbunga ng higit pang pagsidhi ng pagsasamantala ng mga usurero at komersyante. Lalong lumaki ang gastos sa pagsasaka, lalong kinailangang mangutang, at lalong lumawak ang operasyon ng mga komersyante sa kanayunan. Samantalang nananatili ang mataas na upa sa lupa na hinuhuthot ng mga panginoong maylupa, mas tumindi pa kaysa dati ang pagsasamantala ng mga komersyante't usurero.

Ang mga komersyante't usurero ay mahalagang kawing sa pagsasamantala ng imperyalismo at malaking burgesyang lokal sa masang magsasaka. Mga ahente sila sa pagbebenta ng napakamahal na mga kagamitan sa pagsasaka at sa pagbili ng murang hilaw na materyales na agrikultura.

**k. Iba pang anyo ng malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan**

Mga malapyudal na anyo rin ng pagsasamantala sa kanayunan ang napakamahal na pagpapaupa ng mga kasangkapan, hayop at makinaryang pansaka.

May mga lugar na dala ng sukdulang kahirapan, walang sariling kalabaw ang mga maralitang magsasaka, at napipilitang umupa sa panahon ng taniman.

May mga lugar rin dahil sa katangian ng itinatanim, gaya halimbawa ng gulay (repolyo, sibuyas, bawang), napipilitang umupa ang mga magsasaka ng traktor upang mabilis maihanda ang lupa sa pagtatanim.

Mataas din ang singil sa pagpapaupa ng mga kasangkapan at makinaryang pansaka tulad ng hand-tractor at thresher.

## E. Rebolusyong Agraryo at Sosyalismo sa Kanayunan

### 1. Ano ang rebolusyong agraryo?

Ang rebolusyong agraryo ay ang pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawang bukid para ibagsak ang pyudal na kapangyarihan ng uring panginoong maylupa sa kanayunan. Kasabay ng pagbabagsak sa kapangyarihang pampulitika ng uring panginoong maylupa, winawasak ng rebolusyong agraryo ang kanilang monopolyo sa lupa. Sa gayo'y malulutas ang problema sa lupa ng masang magsasaka.

Ang pinakamataas na layunin ng rebolusyong agraryo ay ang pagkumpiska ng lupa ng uring panginoong maylupa at libreng pamamahagi nito sa masang magsasaka. Pantay-pantay na pag-aari ng lupang ang prinsipyong susundin sa pamamahagi ng lupa. Ang kapitalistang sakahan ay kukumpiskahin din at ipapamahagi nang libre sa masang magsasaka o di kaya'y gagawing pag-aari ng demokratikong estadong bayan kung ang pamamahagi nito ay makakasira sa produksyon. Lalansagin ang monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa upang madurog ang pundasyon ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Ipatutupad ang rebolusyong agraryo nang hakbang-hakbang, ayon sa kakayahan at lakas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka at ng armadong pakikibaka.

Habang nag-iipon pa ng lakas ang kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa buong bayan, isusulong ang pakikibaka para pababain ang upa sa lupa, pataasin ang sahod, pawiin ang usura, at labanan ang pang-aabuso ng mga komersyante. Habang itinataas ang sahod at nilalabanan ang pagsasamantala ng mga usurero at komersyante, titiyakin na ang mga namumuhunan ay tumatanggap ng makatwirang ganansya, di natutuyo ang lokal na pautang, at di napipinsala ang komersyo.

Palalaganapin ang iba't ibang anyo ng kooperasyon para mabawasan ang gastos sa produksyon at mapaunlad ang produksyon. Ang mga kooperatiba ay kasangkapan din para mabawasan ang pangungutang sa mga usurero at maipaglaban ang makatwirang presyo ng mga bilihin at mga produkto ng mga magsasaka.

Titiyakin din na natutugunan pangunahin ang kapakanan ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, samantalang nakikiisa at di pumipinsala sa interes ng mga panggitnang magsasaka, at ninunyutralisa ang mga mayamang magsasaka at di masyadong pinipinsala ang interes nila.

Ang bawat pagsulong at ang ganap na pagtatagumpay, sa kalaunan, ng rebolusyong agraryo ay dapat magpasigla at magpaunlad sa produksyon sa kanayunan. Ang pagpapaunlad sa mga pwersa sa produksyon ang saligang layunin ng rebolusyong agraryo.

**2. Bakit sa kalaunan ay kailangan ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura?**

Ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura ang ganap na magpapalaya sa masang magsasaka at manggagawang bukid mula sa paghihikahos, atrasadong kalagayan at pagsasamantala.

Malaki at makasaysayang pagsulong para sa kanayunan ang maibagsak ang kapangyarihang pyudal ng uring panginoong maylupa at malutas ang problema sa lupa. Pero habang nananatili ang maliitan at hiwa-hiwalay na pagsasaka, mananatiling atrasado ang produksyon, at di malawakang magagamit ang modernong makinarya at teknolohiya sa pagsasaka. Kung walang sosyalismo, ang mga maliit na magsasaka ay gigipitin at huhuthutin ng kapital hanggang sa ang pamimilian nila ay kumapit sa lupa nila at tiisin ang kaakibat na kasalatan, o ipagbili ang kanilang lupa at maging mga manggagawa.

Sa ilalim ng sosyalismo, maikokonsentra ang maliliit at hiwa-hiwalay na lupa at kagamitang pansaka batay sa kolektibong pag-aari. Sama-samang gagawa, magpapaunlad sa produksyon at makikinabang ang mga magsasaka at manggagawang bukid. Malakihang magagamit ang mga modernong makinarya at teknolohiya sa pagsasaka, mabilis na

mapasasagana ang ani, maiaangat ang kabuhayan ng masang tagabukid, at matatamasa ng kanayunan ang mga biyaya ng modernong teknolohiya sa iba't ibang larangan ng pamumuhay.

Sa rebolusyong sosyalista na sisimulan matapos magtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan, susing tungkulin ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura. Ang mabilis na pag-unlad ng agrikultura ay mapagpasya sa pag-unlad ng buong sosyalistang ekonomya.

Ipatutupad ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura sa pamamagitan ng panghihikayat sa maliliit na magsasaka. Dito'y pinakamahalaga ang pagkumbinsi sa pamamagitan ng pagpapakita, sa aktwal na praktika, ng malalaking bentahe ng sosyalismo sa agrikultura. Kailangan din ng matiyagang edukasyon at suporta ng estado sa kolektibong pagsasaka. Gagawin ang kolektibisasyon ng agrikultura batay sa boluntaryong paglahok ng masang magsasaka at manggagawang bukid, at sa paraang hakbang-hakbang mula sa simpleng kooperasyon.

## Mga Sanggunian:


1) Marx, **SAHOD, PRESYO AT TUBO**

2) Engels, **SOSYALISMO, SIYENTIPIKO AT UTOPYAN**

3) Lenin, **SI MARX, ENGELS AT MARXISMO**

4) Amado Guerrero, **LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO**

5) Sison, Jose Ma., "*Hinggil sa Moda ng Produksyon*"